

Helicobacter Pylori Breath Test

Hiniling ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan na sumailalim kayo sa isang H. Pylori Urea Breath Test. Para magkaroon ng makabuluhang resulta ang laboratory test, dapat ninyong sundin ang mga tagubilang ito.

Bago ang Test:

Tandaan:

- Kung may allergy ka sa citrus o citric acid, hindi mo dapat gawin ang test na ito.
- Hindi available ang test na ito para sa mga batang wala pang tatlong (3) taong gulang.
- Walang sapat na data para irekomenda ang test na ito sa mga pasyenteng buntis o nagpapasuso. Kausapin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa test na ito.

Kausapin ang iyong healthcare provider tungkol sa iyong mga gamot bago gawin ang test na ito.

Hindi nakakaapekto sa test na ito ang mga antacid (hal., Tums, Roloids), pero hindi dapat inumin ang mga sumusunod na gamot bago ang test:

1. Antibiotics hal., Amoxicillin, Clarithromycin, Metronidazole, Tetracycline (4 na linggo)
2. Paghahanda ng Bismuth hal., Pepto-Bismol (2 linggo)
3. Proton pump inhibitors hal., Nexium, Pariet, Prevacid, Losec, Pantoloc, (2 linggo)
4. Sucralfate (2 linggo)
5. H2 Receptor Antagonists hal., Zantac, Tagamet, Pepcid (1 araw)

Paghahanda para sa test:

Huwag kumain, manigarilyo/mag-vape, ngumuya ng chewing gum, o uminom ng kahit ano (kasama ang tubig) nang hindi bababa sa isang (1) oras bago ang test.

Pagdating mo sa lab:

Tatagal ang test ng humigit-kumulang 25 minuto. Kakailanganin ninyong manatili sa lab para sa yugto ng test.

Pamamaraan ng pagkuha ng sample ng hininga:

1. Huminga ng malalim at pigilan ang hininga ng 10 segundo.
2. Bahagyang huminga palabas para ilabas ang hangin sa iyong bibig at pagkatapos ay huminga ng buo sa mouthpiece ng collection bag.
3. Ikutin ang takip para isara ang collection bag.
4. Uminom ng humigit-kumulang 100mL ng urea solution.
5. Maghintay nang 15 minuto sa Patient Service Centre.
MAHALAGA: Huwag manigarilyo, kumain, o uminom habang naghihintay.
6. Magbigay ng pangalawang sample ng hininga ayon sa Hakbang 1 hanggang 3 sa itaas.